# SAKSI KO ANG LANGIT: Tatlong Dagli/Dadaanin

*Mark Angeles*

## *Clout*

Inakala niyang pana-panahon iyon, gaya ng pamumunga ng mangga o santol. Nagsisimula sa isang sumbong sa *social media*, pinutakti ng mga biktima't nakibalita. Nang mabalitaan niya ang nangyari sa dating katrabaho, natanto niyang hindi iyon retribusyon. Isang alumnae ang nagpalutang ng naranasan: nanghingi raw ang dati niyang guro ng hubad niyang larawan. Kara-karakang sinuspinde ang guro. Isang buwang *preventive suspension* kahit walang probable cause. Kahit ilang buwan nang *lockdown*, wala ni ha, ni ho sa *hearing* ang nag-akusa. Lihim mang humingi siya ng tawad sa dati niyang gurong hindi pagnanasaan maski dulo ng kaniyang daliri, kaltas na ang suweldong pansambuwan.

## *Emergency Leave*

Isang nurse sa isang *private hospital* sa Saudi ang nagbalikbayan. Dadalo siya sa pagtatapos ng kaniyang nag-iisang anak. Isiningit lang niya ang bakasyon, kaya galing sa sariling bulsa ang *round-trip ticket*. Hindi na siya masisindak ng Covid. *New normal* na sa kanila ang mag-admit ng pasyenteng sinakmal ng MERS, kahit bago siya umalis. Dadalhin niya sa Saudi ang anak matapos ang graduation. Ngunit inabutan sila ng lockdown. Ni hindi niya nasabitan ng medalya ang anak. Ikinadena ng gobyerno sa bansa ang mga lalabas na OFW. Hanggang ayaw na siyang pabalikin ng ospital. Naroon pa sa *boarding house* ang kaniyang uniporme.

### *SG*

Dahil baguhan at mas bata sa kasamahang si Lakay, si SG ang "tagabukas ng tindahan." Pinagbabantay siya sa *booth*, habang maghapong babad sa *aircon* ang Bondying na walang dugong Ilokano. Dagdag-trabaho pa nang magka-quarantine. Obligado siyang kunin ang temperatura ng bawat pumapasok, papirmahan sa kanila ang *Contact Tracing Form*, paghugasin sila ng alkohol, sitahin sila kapag halos mag-umpugan na't nilalampasan ang disinfecting mat. Minsan naiisip niyang pistola ang hawak, hindi *thermometer gun*. Alam niyang hindi ililipat ni Lakay sa kamay niya ang inangking *shotgun*.